



Impormasyon para sa mga nakatanggap ng Single Permit para sa Paninirahan at Pagtatrabaho

Single Permit para sa Paninirahan at Pagtatrabaho

Nakatanggap ka ng Single Permit para sa Paninirahan at Pagtatrabaho (Single Permit) na magpapahintulot sa iyong tumira at magtrabaho sa Slovenia. Ang mga Single Permit ay iniisyu ng mga Administrative Unit at may bisa ito hanggang sa petsang nakasaad sa card.

Bukod sa Single Permit, dapat ay nakatanggap ka rin ng information sheet na naglalaman ng lahat ng detalye tungkol sa iyong nakatakdang employment (employer, trabaho, atbp.).

Mangyaring ingatan ang information sheet. Kinakailangan mo itong ipakita kapag dumaan ka sa inspeksiyon at hingin ito ng mga kinauukulang awtoridad.

Iproseso ang pag-renew ng iyong Single Permit sa Administrative Unit bago ito mag-expire.

Ipinagkaloob ang iyong Single Permit batay sa permiso at information sheet na inisyu ng Employment Service of Slovenia. Ito ang pangunahing requirement upang makapagtrabaho sa Slovenia. Maaari ka lamang makapagtrabaho sa employer na nakalista at nakatakda sa permiso/information sheet. Maaari mo lamang isagawa ang trabahong iyong pinirmahan sa employment contract at nakasaad sa information sheet.

Kung gusto mong palitan ang iyong employer o trabaho, o kung gusto mong magtrabaho para sa dalawang employer (nag-aaplay lamang ito sa mga dayuhang nasyonal na nakapagtapos ng kolehiyo at nakapagtrabaho na ng hindi bababa sa isang buwan sa unang employer), at kasalukuyang may bisa pa ang iyong Single Permit at hindi binawi ang ipinagkaloob na permiso (pagbawi ng permiso), kailangan mong magsumite ng aplikasyon sa Administrative Unit (Form 2/1 – Permiso na magpalit ng employer). Ang permiso na magpalit ng employer ay iniisyu ng Employment Service of Slovenia, na siyang direktang magpapadala nito sa employer/dayuhang nasyonal.

Ang permiso/information sheet para sa employment, self-employment, o work (personal na permiso) na inisyu sa ilalim ng Artikulo 14 ng Employment, Self-Employment and Work of Aliens Act (ZZSDT) ay nagpapahintulot ng malayang akses sa labor market. Para sa ganitong uri ng permiso, hindi nakatakda sa information sheet ang employer at uri ng employment. Ito ay dahil nagbibigay ito sa holder ng kakayahang pumili ng kanilang nais na employer at trabaho.

Pagtatrabaho sa Slovenia

Habang nagtatrabaho sa Slovenia, obligadong sumunod ang iyong employer sa labor law ng Slovenia. Mayroon ka ng mga kaparehong karapatang tinatamasa ng mga mamamayan ng Slovenia. Mga pangunahing impormasyon:

- Responsibilidad ng iyong employer na irehistro ka sa mandatoryong social security insurance ng Health Insurance Institute (ZZZS) sa loob ng 15 na araw mula nang ipadala ang Single Permit sa iyo abroad, o 10 na araw mula nang ipadala ang Single Permit sa Administrative Unit ng Slovenia.
- Responsibilidad ng iyong employer na bigyan ka ng kopya ng M1 Form/Certificate of Registration na nagpapatunay na naisumite ang aplikasyon para sa mandatoryong social security insurance, na siyang tumatayong rehistro ng iyong employment sa ZZZS. Tandaan – Ang pagrerehistro ng employment ay posible lamang para sa nakatakdang trabaho na nasa permiso/information sheet at employment contract.
- Maliban na lamang kung nakapagtapos ka ng kolehiyo, maaari ka lamang magtrabaho nang full-time sa Slovenia.
- Kung winakasan ang iyong kontrata sa trabaho at hindi ito dulot ng iyong pagkakamali, maaari kang makatanggap ng benepisyo mula sa Employment Service of Slovenia kung matutugunan mo ang mga kondisyong itinakda sa Labour Market Regulation Act.
- Maaari kang ipadala ng iyong employer abroad kung nagbibigay serbisyo sila sa ibang bansa. Sa mga ganitong pagkakataon, kinakailangan nilang tumalima sa labor law ng bansa kung saan ka ipinadala (Austria, Germany, atbp.) Bago ka ipadala abroad, kinakailangang ikuha ka ng iyong employer ng A-1 Form mula sa ZZZS.

- Hindi ka maaaring pagtrabahuhin para sa ibang employer ng iyong kasalukuyang employer.
- Hindi maaaring singilin ang mga empleyado o ang mga naghahanap ng trabaho ng gastusin para sa pagkuha ng mga permit, o anumang gastusing kaugnay ng pagkuha sa mga ito.
- Huwag pumirma ng blangkong employment contract o ng dokumentong hindi naglalaman ng kompletong detalye.

Ang iyong mga karapatan bilang empleyado sa Slovenia:

- Ang karapatang mabayaran para sa iyong trabaho anuman ang uri ng trabaho o employment contract. Sa Slovenia, ang minimum wage ayon sa batas na itinatakda sa simula ng taon tuwing Enero ay €1,277.72 noong 2025.
- Ang karapatang isagawa ang trabahong nakatakda sa kontrata. Maaari lamang isagawa ng dayuhang nasyonal ang trabahong nakasaad sa kanilang nakuhang permiso/information sheet at pinirmahan sa employment contract.
- Ang karapatang magtrabaho sa ligtas na kondisyon.
- Ang karapatan sa ligal na itinakdang bilang ng oras ng trabaho. Para sa mga full-time na empleyado, ito ay 40 na oras sa isang linggo. Ang anumang karagdagang oras dito ay itinuturing na overtime at dapat na mabayaran alinsunod sa batas ng Slovenia.
- Ang karapatang magkaroon ng break at oras ng pahinga. Kung nagtatrabaho ka nang full-time, karapatan mong magkaroon ng 30 na minutong break kada araw ng trabaho, at tuloy-tuloy na oras ng pahinga na hindi bababa sa 24 na oras sa loob ng pitong magkakasunod na araw.
- Ang karapatang makatanggap ng may sahod na taunang bakasyon (annual leave). Kung nagtatrabaho ka sa Slovenia, karapatan mong makatanggap ng may sahod na annual leave o 13th month salary (annual leave allowance). Ang allowance ay dapat na hindi bababa sa minimum wage.
- Ang karapatan sa proteksiyon at privacy ng personal na datos.

Paninirahan sa Slovenia

Kailangan mong magrehistro sa Administrative Unit sa loob ng walong (8) araw matapos mong dumating sa Slovenia. Kung ang iyong employer ang naghanda ng iyong tirahan, dapat na sumusunod ito sa mga minimum na pamantayan ng pamumuhay at kalinisan.

Para sa karagdagang impormasyon, makipag-ugnayan sa:

<p>Mga Administrative Unit – Listahan ng mga Administrative Unit sa Slovenia www.gov.si/drzavni-organi/upravne-enote/</p>	<p>Mga sentro ng impormasyon para sa mga dayuhang nasyonal (Employment Service of Slovenia) +386 (0)1 330 8120 info-tocka@ess.gov.si</p>	<p>Embahada ng Slovenia sa Manila 18/F, Tower 2, RCBC Plaza, 6819 Ayala Avenue 1200 Makati City, Metro Manila Philippines</p> <ul style="list-style-type: none"> • +63253171120 • sloembassy.manila@gov.si
---	--	---

Kung nalabag ang mga probisyon ng iyong employment contract, makipag-ugnayan sa mga sumusunod na organisasyon:

<p>Labour Inspectorate of the Republic of Slovenia Štukljeva cesta 44, 1000 Ljubljana +386 (0)1 280 3660 gp.irsd@gov.si</p>	<p>General Financial Office Šmartinska cesta 55, 1000 Ljubljana +386 (0)1 280 3660 Kumpidensiyal na Helpline No.: 080 11 22 prijave.fu@gov.si</p>
<p>Workers Advocacy Association Dalmatinova 4, 1000 Ljubljana 080 14 34 – Toll-free No. (libreng tawag) +386 (0)1 434 1293 info@delavskasvetovalnica.si</p>	<p>Association of Free Trade Unions of Slovenia Dalmatinova ulica 4, 1000 Ljubljana +386 (0)1 434 1200 zsss@sindikat-zsss.si</p>

Hinihiling namin na maging matagumpay at kaaya-aya ang iyong paninirahan at pagtatrabaho sa Slovenia.